Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
BAYAN NG POLILLO
-ooOoo-

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-PITUMPU'T DALAWANG (72) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG ENERO 8, 2018 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Loel F. Santoalla, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Efren C. Atendido, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Walter P. Calleja, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Edwin P. Susa, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, (O.B.). |

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 123, SERYE 2018**

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 107, SERYE 2016: ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AAMYENDA SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 107, SERYE 2016 AT MULING NAGTATAKDA NG PANIBAGONG MGA PANUNTUNAN SA PAGPAPATUPAD NG PROGRAMANG TULONG SA PAG-AARAL SA MGA ESTUDYANTE NG SOUTHERN LUZON STATE UNIVERSITY (SLSU) POLILLO CAMPUS, POLILLO, QUEZON**

*Author/s:* ***Kon. Albert R. Agunias, itinukoy at masusing pinag-aralan sa Committee on Education, Culture & Arts***

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

***Seksyon 1.*** **LAYUNIN**

Ang Kautusang Bayang ito ay naglalayon na makapagbigay ng pinansyal na tulong sa mga mag-aaral na nasa kalagayang mahirap subalit nagsisikap na makapag-aral at maituturing na karapat-dapat na estudyante sa Southern Luzon State University, Polillo Campus ng bayang ito.

***Seksyon 2.*** **SAKLAW AT NASASAKUPAN**

Nasasaklaw ng Kautusang Bayang ito ang mga piling estudyante sa SLSU Polillo Campus na aayon na rin sa itinatadhana ng mga pamantayan at panuntunan ng naturang kautusan.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

### *Seksyon 3.* HALAGA NG PONDO

Ang halaga ng pondo para sa "LGU Scholarship Program" ay hindi bababa sa halagang Tatlong Daang Libong Piso (Php300,000.00) na ilalaan ng Lokal na Pamahalaan sa Taunang Badyet (Annual Budget) at/o Supplemental Budget ng taon.

### *Seksyon 4.* TULONG SA MAPIPILING ESTUDYANTE

Ang mga mapipiling mag-aaral o mabibigyan ng pribilehiyong makapag-aral at maging iskolar ng Lokal na Pamahalaan (LGU Scholar) mula sa SLSU Polillo Campus at mapagkakalooban ng tulong pinansyal na may halagang Limang Libong Piso (Php5,000.00) sa loob ng isang semester na ang tuwirang magbabayad nito ay ang Lokal na Pamahalaan ng Polillo. Ipa-prayuridad ang mga mahihirap at kwalipikadong mga estudyante.

### *Seksyon 5.* LUPON NG TAGASALA AT TAGAPILI

Ang pagsasala at pamimili kung sino sa mga aplikanteng estudyante ang mapipili ay bubuuin ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Pangulo | - | Punong Bayan |
| Halig-Pangulo | - | Chairperson, Committee on Education, SB Member |
| Miyembro | - | Mga Miyembro, Committee on Education, SB Member |
| | - | Isang Kinatawan mula sa Southern Luzon State University (SLSU), Polillo Campus, Polillo, Quezon |
| | - | Pangulo, Pambayang Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan (PPSK) |
| | - | Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Liga ng mga Barangay (PPLB) |
| | - | Human Resource Management Officer, (HRMO) |
| | - | Municipal Budget Officer, (MBO) |
| | - | Municipal Social Welfare & Development Officer (MSWDO) |
| | - | Municipal Accountant |

### *Seksyon 6.* PROSESO NG PAGSASALA AT PAMIMILI (per semester)

a. Ang Aplikante ay hindi dapat scholar ng iba pang scholarship program bukod sa LGU.
b. Ang Aplikante ay kinakailangang pumasa sa Entrance Examination sa SLSU.
c. Ang Aplikante ay kinakailangang kumuha ng ***"Scholarship Application Form"*** *(SAF)* sa SLSU at ito ay kanyang pupunan ng mga mahahalagang impormasyon.
d. Ang Aplikante ay kinakailangang magpasa sa Lupon ng Tagasala at Tagapili, ng mga sumusunod na dokumento:

   d.1. Isang liham kahilingan na itutukoy sa Pangulo ng Lupon ng Tagasala at Tagapili, na may nakadikit na litrato (passport size).
   d.2. Accomplished Scholarship Application Form (SAF).
   d.3. Sertipikasyon ng Punong Barangay na nagsasaad ng kanilang pagiging residente.
   d.4. Sipi ng Birth Certificate (Xerox Copy).
   d.5. High School Report Card para sa mga bagong estudyante na may kabuoang marka na mula 85% pataas.
   d.6. Latest Transcript of Record (TOR) sa mga transferee na may kabuuang marka na mula 2.25 pataas.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

*(Ang **Scholarship Application Form** ay makukuha sa Tanggapan ng **Kinatawan** ng SLSU Polillo Campus sa Lupon na Tagasala at Tagapili).*
*(Sa **Kinatawan** ng SLSU Polillo Campus ipapasa ng aplikante ang mga kaukulang dokumento).*

e. Magtatakda ang Pangulo ng Lupon ng Tagasala at Tagapili ng petsa, oras at lugar kung saan at kailan idadaos ang final interview sa mga aplikante.
f. Sa final interview magdadaos ng pulong ang Lupon ng Tagasala at Tagapili kung sino ba ang mga mapipiling estudyante.

g. Ang listahan ng pangalan ng mga napiling estudyante (LGU Scolars) ay ipapaskil sa kinauukulang mga lugar para sa kaalaman ng publiko.
h. Bibigyan ng isa (1) pang pagkakataon ang mag-aaral na muling mag-apply ng scholarship matapos na ito ay matanggal bilang scholar.
i. Ang lahat na aplikante ay magkakaroon ng pantay na proseso sa pagsasala at pamimili.

***Seksyon 7.* MGA KWALIPIKASYON PARA SA MAPIPILING ISKOLAR**

7.1. **FRESHMEN**

a. Dapat ay taga-Polillo.
b. Dapat ay 85% pataas ang General Average sa High School.
k. Dapat ay pumasa sa Entrance Exam.
d. Mababa sa Anim na Libong Piso (Php6,000.00) ang buwanang kita ng pamilya na pinatunayan ng Tanggapan ng Municipal Social Welfare and Development (MSWDO).
e. Gagawing prayuridad ngunit sang-ayon pa rin sa pamantayan ng grado ang ulila o self-supporting.
g. Dapat na nakapasa sa interview.

7.2. **REGULAR O CONTINUING SCHOLARS**

a. Ang General Average ay 2.25 pataas.
b. Walang grade na 5.0 sa alinmang subjects.
k. Walang incomplete grade sa alinmang subjects.

7.3. **TRANSFEREE/RETURNING STUDENTS**

a. Dapat ay taga-Polillo.
b. Dapat ay 85% pataas ang General Average sa High School.
k. Dapat ay pumasa sa Entrance Exam.
d. Mababa sa Anim na Libong Piso (Php6,000.00) ang buwanang kita ng pamilya na pinatunayan ng Tanggapan ng Municipal Social Welfare and Development (MSWDO).
e. Gagawing prayuridad ngunit sang-ayon pa rin sa pamantayan ng grado ang ulila o self-supporting.
g. Dapat na nakapasa sa interview.

7.4. **ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM (ALS)**

a. Dapat ay taga-Polillo.
b. Maging prayuridad ang mga estudyanteng galing sa ALS.
k. Dapat ay pumasa sa Entrance Exam.
d. Mababa sa Anim na Libong Piso (Php6,000.00) ang buwanang kita ng pamilya na pinatunayan ng Tanggapan ng Municipal Social Welfare and Development (MSWDO).
e. Gagawing prayuridad ngunit sang-ayon pa rin sa pamantayan ng grado ang ulila o self-supporting.
g. Dapat na nakapasa sa interview.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan 1

7.5. **ELECTIVE AT APPOINTIVE BARANGAY OFFICIAL O ANAK, NA TULAD NG SUMUSUNOD:**

a. Average grade na 85%.
b. Mababa sa Anim na Libong Piso (Php6,000.00) ang buwanang kita ng pamilya na pinatunayan ng Tanggapan ng Municipal Social Welfare and Development (MSWDO).
k. Pumasa sa interview at Exam.
d. Aktibo sa serbisyo ang mga magulang bilang elective o appointive official.

***Seksyon 8.* RESPONSIBILIDAD NG LOKAL NA PAMAHALAAN (LGU)**

a. Naglalaan ng pondong hindi bababa sa Tatlong Daang Libong Piso (Php 300,000.00) o higit pa kada taon para sa programang ito.
b. Magbuo ng mga panuntunan may kaugnayan sa programang ito.

***Seksyon 9.* RESPONSIBILIDAD NG SOUTHERN LUZON STATE UNIVERSITY**

a. Magpasa sa Lokal na Pamahalaan ng Financial Statement at Report sa pinaglaanan ng pondo, at;
b. Direktang mag-monitor at iulat sa Lokal na Pamahalaan kung ano ang kalalagayan ng pag-aaral ng mga mapipiling estudyante.

***Seksyon 10.* KARAGDAGANG PROBISYON (Supplemental Clause)**

Kung anuman ang kakulangang polisiya ay pwedeng magdagdag ang Lupon ng Tagasala at Tagapili.

***Seksyon 11.* PAGPAPAWALANG BISA**

Ang alinmang naunang Kautusang Bayan, panuntunan at regulasyon may kaugnayan sa Kautusang Bayang ito ay pinawawalang bisa.

***Seksyon 12.* PAGKAKABISA**

*Magkakabisa ang Kautusang Bayang ito matapos sumailalim sa mga sumusunod na proseso:*

*a. Mapagtibay at Katigan ng Punong Bayan.*
*b. Magpaskil sa mga hayag na lugar sa loob ng Labing Limang (15) araw.*
*k. Mapadalhan ng sipi ang Sangguniang Panlalawigan.*

***Seksyon 13.* PAGPAPATUPAD**

Ipapatupad ang Kautusang Bayang ito makalipas ang Tatlumpong (30) Araw magmula ng matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang sipi nito.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Enero 8, 2018

x--------------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Kautusan Blg. 123/-2018** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**LOEL F. SANTOALLA**
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Enero 15, 2018***